Presented at the 10th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 16, 2017

# Anim na Aspekto ng Pag-unawa sa Markahang Pagsusulit sa Filipino

Everlinda U. Aleta
De La Salle Lipa
High School Department
ever_aleta@yahoo.com
everlinda.aleta@dlsl.edu.ph

## Abstrak:

Ang pag-aaral ay nakatuon sa pagsusuri ng anim na aspekto ng pag-unawa na ginagamit sa markahang pagsusulit sa Filipino. Layunin nitong sipatin ang mga tanong na ginagamit sa markahang pagsusulit upang matiyak kung nasusunod nito ang mungkahi ng Philippine Accrediting Association of Schools, Colleges and Universities (PAASCU) kaugnay ng higit pang pagpapahusay ng mga aytem sa mga pagsusulit. Sisikaping sagutin sa papel ang sumusunod na tanong: 1.) Ano-anong aspekto ng pag-unawa ang ginagamit sa markahang pagsusulit? 2) Alin sa mga aspektong ito ang pinakamadalas na gamitin sa pagtataya? 3) Ano ang mungkahing paraan sa epektibong pagtataya? Naging batayan ng pag-aaral ang teoryang pangkurikulum ni John Dewey na naniniwalang ang kurikulum ay dapat na tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral upang makasabay sa hamon ng modernisasyon. Gumamit ng paraang palarawan at pasuri upang ilahad ang detalye ng pag-aaral. Sa pangangalap ng datos, sinuri ang mga aytem ng markahang pagsusulit sa taong panuruan 2014-2015. Natuklasan sa resulta ng pag-aaral na nakasusunod sa rekomendasyon ng PAASCU kaugnay ng pagiging kritikal ng mga aytem ng markahang pagsusulit ang mga aytem sa pagsusulit ng Filipino. Batay sa resulta, iminumungkahi na patuloy na gamitin ang anim na aspekto ng pag-unawa sa mga pagtataya upang sukatin ang natutuhan ng mga mag-aaral sa bawat aralin; magkaroon pa ng mga pag-aaral kaugnay ng epekto ng paggamit nito at matukoy ang kahinaan at kalakasan nito; gamitin ang ibang pang aspekto ng pag-unawa sa markahang pagsusulit at magkaroon ng mga pagsasanay ang mga mag-aaral sa paraan ng pagsasagot nito. Hikayatin ang mga mag-aaral na maging aktibo at kritikal sa pagbabahagi ng kanilang kaalaman at kasanayan tungo sa mas malalim at mas malawak na pag-unawa sa aralin.